Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(MINISTRY OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Hulyo 11, 1984

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 134 s. 1984

PAGDIRIWANG SA LINGGO NG WIKANG PILIPINO SA TAONG 1984

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Pinuno ng mga Lingkuran at Puno ng mga Yunit
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralang Pribado, Kolehiyo at Pamantasan

1. Ang Linggo ng Wikang Pilipino sa taong 1984 ay ipinagdiriwang mula sa ika-13 hanggang ika-19 ng Agosto. Ang paksang bibigyang-diin sa panahon ng pagdiriwang ay "Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino." Ang pagdiriwang sa buong isang linggo ay hinaha-hahagi sa sumusunod na mga paksang diwa para sa bawat araw.

Agosto 13, Lunes - Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Saligan ng Pagkakaisa sa Pagbuo ng Pambansang Paninindigang Pilipino sa mga Paaralan

Agosto 14, Martes - Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Landas sa Pangkabuhayang Rebolusyon at Pag-unlad ng Mag-anak

Agosto 15, Miyerkules - Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Hagdan sa Sambayanang Mapayapaan at Maayusan

Agosto 16, Huwebes - Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Instrumento sa Paglinang ng Pambansang Kalusugan at Kalinisan

| | | |
|---|---|---|
| Agosto 17, Biyernes | - | Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Saligan ng Pampamayanang Pagpapaunlad ng Kulturang Minana |
| Agosto 18, Sabado | - | Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Sagisag ng Kalayaan at Demokrasya sa Sambayanan |
| Agosto 19, Linggo | - | Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Isang Kasangkapan sa Pagpapayabong ng Pagpapahalagang Moral at Ispiritwal ng Mamamayan |

2. Kalakip ng Memorandum na ito ang balangkas ng mga mungkahing gawain para sa isang linggong selebrasyon ng Linggo ng Wikang Pambansa. Ang mga gawaing nabanggit ay kailangang isakatuparan sa Pilipino upang ganap na mabigyang-pansin at pagpapahalaga ng mga mag-aaral at mga mamamayan ng bansa ang patuloy na pagpapaunlad at pagpapayaman sa Wikang Pambansa na siyang itinuturing na pinakamahusay at pinakamabisang kasangkapan tungo sa ikapagtatamo ng pambansang pagkakakilanlan, pambansang pagkakaisa o pagtutulungan at pambansang karapatan at katapatan na siyang sandigan sa pagkakaroon ng isang matibay at matatag na "Ideolohiyang Pilipino."

3. Sa panahon ng pagdiriwang, sikaping maganyak ang lahat ng mga mamamayan mula sa mga kabataang mag-aaral hanggang sa mga may sapat na gulang at lalung-lalo na ang mga taong may kaugnayan sa mga kilusang pangwika ng paaralan at ng pamayanan. Lubhang mahalaga at kinakailangan ang kanilang pakikipagtulungan at pakikilahok sa gawaing ito upang ang mga layunin ng pagdiriwang ay matagumpay na maisagawa.

4. Itinatagubilin sa mga tagapamanihala ng mga paaralan na ilakip sa kanilang taunang ulat ang lahat ng mga kilusan at iba pang gawaing ginanap sa panahon ng pagdiriwang sa Linggo ng Wikang Pilipino sa taong ito.

(Lgd.) JAIME C. LAYA
Minister

Kalakip:

Gaya ng nasasaad

Sanggunian:

Memorandum Pangministri: Blg. 146, s. 1983

Pamamudmod: 1-2-3-4- - (D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
COMMUNICATION ARTS
PUPILS
REPORT
SOCIETY OR ASSOCIATIONS
STUDENTS

(Kalakip ng Memorandum Pangministri Blg. 134 , s. 1984)

## PALATUNTUNAN NG MGA GAWAIN

Paksa: Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino

Agosto 13 - Lunes - Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Saligan ng Pagkakaisa at Pagbuo ng Pambansang Paninindigang Pilipino sa mga Paaralan

a. Pagbubukas ng Pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pilipino sa pangangasiwa ng paaralan at sa pakikipagtulungan ng barangay

b. Pagdaraos ng panimulang palatuntunan na tatalakay sa paksang diwang kaugnay ng pagdiriwang para sa araw ng Lunes. Ang pangangasiwa sa pagdiriwang ay maaaring ipabahala sa pinagsanib na lakas ng pamunuan ng "Barangayette" ng paaralan at pamunuan ng barangay

k. Pagtatalakayan at pagpapalitang kuro at haka-haka tungkol sa paksa

d. Paggamit ng Pilipino sa mga pag-uusap at sa paggawa ng mga pahayag na pampaaralan at pambarangay

e. Pagtatakda ng mga talumpatian at debate kaugnay ng paksang binibigyang diin sa araw ng pagdiriwang.

Agosto 14 - Martes - Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Landas sa Pangkabuhayang Kabalnsayon at Pag-unlad ng Mag-anak

a. Pagdaraos ng mga pupulong, sesyon at simposyum para sa mag-anak na ang tinatalakay ay nauugnay sa paksang diwa ng pagdiriwang para sa araw ng Martes. Ang pangangasiwa sa pagdiriwang ay maaaring ipabalikat sa Samahan ng mga Guro at Magulang

b. Paggamit ng Wikang Pilipino, sa pakikilahok sa mga talakayan at mga pagpapahayag na pasalita at pasulat sa loob at labas ng tahanan.

k. Pagsasahimpapawid ng mga kinakailangang balita, patalastas, paabot-sabi na may kaugnay sa paksa na ang ginagamit ay ang Wikang Pilipino sa pagpapahayag.

Agosto 15 - Miyerkules - Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Hagdan sa Sambayanang Kaayusan at Kapayapaan

a. Paggamit ng Wikang Pilipino sa mga opisyal na transaksiyon sa pamayanan o barangay na may kinalaman sa pagtatakda ng pamantayan para sa ikapagtatamo ng pampamayanang kaayusan at kapayapaan

b. Pagbubunsod ng mga pampaaralan at pambarangay na timpalak sa paggawa ng poster na binibigyang diin ang paksang diwa para sa araw ng Miyerkules

k. Paglulunsad ng paligsahan sa pagbuo ng mga islogan na may kaugnayan sa paksang diwang binibigyang diin sa pagdiriwang para sa araw ng Miyerkules

Agosto 16 - Huwebes - Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Instrumento sa Paglinang ng Pambansang Kalusugan at Kalinisan

a. Paglulunsad ng mga proyektong pampaaralan at pambarangay na magbibigay diin sa paksang diwa para sa araw ng pagdiriwang

b. Pagtatatag ng mga koponang pampalakasan sa loob at labas ng paaralan

k. Paggamit ng Wikang Pilipino sa lahat ng uri ng pakikipagtalastasan

d. Paglulunsad ng pampaaralan at pampamayanang paligsahan sa isports

Agosto 17 - Biyernes - Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Saligan ng Pampamayanang Pagpapaunlad ng Kulturang Minana

a. Pagdaraos ng mga palatuntunang nagbibigay diin sa paksang-diwa para sa araw ng pagdiriwang

b. Paglulunsad ng mga paligsahan sa pagpipinta na ang binibigyang buhay ay ang paksang-diwa

k. Pagdaraos ng mga gawaing tulad ng:

(1) pagbasa at pagbigkas ng mga tulang nasusulat sa Wikang Pambansa na nagpapahayag ng diwa sa Ideolohiyang Pilipino

(2) pag-aaral ng mga artikulong sinulat ng mga manunulat na nagtataguyod sa Ideolohiyang Pilipino.

(3) paglahok sa mga timpalak sa pagsulat ng mga sanaysay at tula tungkol sa paksa

(4) pagtatanghal ng mga katutubong sayaw na maglalarawan sa Ideolohiyang Pilipino ng sambayanan

Agosto 18 - Sabado - Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Sagisag ng Kalayaan at Demokrasya sa Sambayanan

a. Paggamit ng Wikang Pambansa sa mga opisyal na pagpaplano ng mga proyektong makatutulong sa paglinang at pagpapaunlad ng Ideolohiyang Pilipino para sa ikapamamayani ng kalayaan, demokrasya at katarungang panlipunan sa pamayanan tulad ng:

(1) pagtatatag ng mga aklatang pangnayon na katatagpuan ng mga kapaki-pakinabang na babasahing Pilipino na nagpapahayag ng mga Ideolohiyang Pilipino

(2) paglahok sa mga pagtatanghal ng makasaysayang kabanata sa buhay ng mga bayani at mga mamamayang nagtaguyod at nakipaglaban sa isyung may kinalaman sa Ideolohiyang Pilipino

(3) pagtalakay sa mga pagbabagong nagaganap sa lipunan bunga ng mga kaunlarang dulot ng pamahalaan na nagbibigay diin sa Ideolohiyang Pilipino

Agosto 19 - Linggo - Ang Wikang Pambansa sa Ideolohiyang Pilipino: Isang Kasangkapan sa Pagpapayabong ng Pagpapahalagang Moral at Ispiritwal ng Mamamayan

a. Pagdaraos ng pangwakas na palatuntunang tatampukan ng mga sayaw, awitin, tugtugin at bigkasing Pilipino

b. Pagdalo at pakikinig sa mga seremonyang nauukol sa pananampalataya na nagbibigay diin sa Ideolohiyang Pilipino sa mga pagpapahalagang moral at ispiritwal ng tao

k. Pakikinig at paglahok sa mga talakayang nauukol sa Ideolohiyang Pilipino na matatagpuan sa banal na mga kasulatang nasusulat sa Pilipino

d. Pag-aanyaya sa mga puno ng samahang sibiko at panrelihiyon upang magbigay ng panayam hinggil sa katayuang sasaklawin ng Ideolohiyang Pilipino sa mga pagpapahalagang moral at ispiritwal ng mga mamamayanan